www.kidworship.kr

# Jacob 2

**– 10th Story–**



65Page

N A R Nag tanim ng sama ng loob si Esau sa kanyang kapatid na si Jacob sapagkat kinuha ni Jacob ang karapatan ni Esau bilang anak na panganay at ang basbas ng kanilang ama. Kung kayat walang pagpipiliian si Jacob kahyat siya ay umalis. Pumunta si Jacob sa malayong lugar, sa bayan ng kanyang tiyo sa Haran. Ngunit ang puso ni Jacob ay hindi mapalagay.



66Page

N A R Tumigil sa paglalakbay si Jacob sapagkat lumubog na ang araw. Kinuha niya ang isang bato roon at ginawa itong unan. Nagkaroon siya ng panaginip, nakita niya sa kanyang panag-inip ang isang hagdan ditto sa lupa at ang tuktok nito ay nasa langit ant ang Panginoon at ang mga anghel ay naglaalakad rito. Sa taas niyon ay nandoon ang PAnginoon na tumawag kay Isaac.

D i y o s "Jacob! ako ang PAnginoon. Bibigyan kita at nang iyong salin-lahi ng lupa na kung saan ka ngayon nakahiga. Kasing dami ng buhangin ditto sa mundo ang iyong magiging salinlahi, at ako ay makakasama ninyo, saan man kayo magpunta!"



67Page

N A R NAgising si Jacob sa kanyang panaginip. Ito ay napagandang panaginip aniya.

J a c o b "Maraming salamat Panginoon!"

N A R Pagkagising na pagkasing ni Jacob, kinuha nito ang batong kanyang inunan at itinayo at binuhusan ng langis ang taas nito at tinawag na bethel ang lugar na iyon. Nag bigay puri si Jacob sa Panginoon.



68Page

N A R Sa wakas, nakarating na rin si Jacob sa bahay ng kanyang tiyong si Laban. Doon ay nakita ni Jacob si Raquel, anak ni laban, at nagustuhan agad ni Jacob si Raquel nang unang ma-silayan niya ito.

J a c o b "Tiyo, ibigay mo saakin ang iyong anak na si Rachel at ako ay magtatrabaho sa iyo sa nang pitong taon."

N A R Sa wakas natapos na rin ang pitong taon, DAhil mahal ni Jacob si Rachel, ang pitong taon ay naging mabilis lang para kay Jacob.


69Page


70Page


71Page

**N A R** Sinabi ni Jacob kay Laban.

**Jacob** "Ngayon ay tapos na ang pitong taon, ibigay mo nna saakin si Rachel upang akin siyang mapangasawa."

**N A R** Ngunit hindi ibinigay ni Laban ang kanyang bunsong anak na si Rachel, at ang kanyang ibinigay ay ang kanyang panganay na anak. Hindi hahayaan ni Laban na maikasal ang kanyang bun-song anak habang hindi pa ikinakasal ang kanyang panganay na anak. Kaya't sinabi niya kay Jacob.

---

**Laban** "Kung magtatrabaho ka ng panibagong pitong taon, haha-yaan kong ikaw ay makasal kay Rachel."

**N A R** Ginawa nga ito ni Jacob. Nagtrabaho siya at pagkatapos ng pitong taon ay pinakasalan niya si Rachel na siyang kanyang iniibig.

---

**N A R** Kinasal si Jacob kay Rachel at Leah at nagkaroon ng maraming anak. Tumira siya sa bahay ng kaniyang tiyo at nagtrabaho. Binabantayan niya ang napakaraming alagang hayop, katulad ng mga tupa, baka, at kamellyo.
At sa basbas ng Panginoon, ay nag karoon siya ng kaya-manan.